JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

# 4

*Zest for Progress*
*Zeal of Partnership*

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan- Modyul 6: Ang Mga Programa ng Pamahalaan: Pangkapayapaan; Pang-Ekonomiya.



**Pangalan ng Mag-aaral:** ______________________________

**Baitang at Pangkat:** ______________________________

**Pangalan ng Paaralan:** ______________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Katherine S. Suarin |
| | Helen P. Calla |
| **Editor:** | Virlyn B. Polinar |
| | Fernando O. Buendia |
| **Tagasuri:** | Virlyn B. Polinar |
| | Fernando O. Buendia |
| **Tagakuha ng Larawan:** | Katherine S. Suarin |
| **Tagalapat:** | Katherine S. Suarin |
| | Helen P. Calla |
| **Tagapamahala:** | Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI<br>OIC, Schools, Division Superintendent |
| | Visminda Q. Valde, EdD<br>OIC, Assistant Schools Division Superintendent |
| | Raymond M. Salvador, EdD, CESE<br>OIC, Assistant Schools Division Superintendent |
| | Juliet A. Magallanes, EdD<br>CID Chief |
| | Florencio R. Caballero, DTE<br>EPS – LRMDS |
| | Alma L. Carbonilla, EdD<br>EPS – Araling Panlipunan |




# Alamin

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

- Nasusuri ang mga programa ng pamahalaan tungkol sa:
  (a) Pangkapayapaan
  (b) Pang-ekonomiya



# Balikan

**Panuto:** Basahin ng mabuti ang mga kalagayan. Ano ang gagawin mo sa bawat kalagayan? Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Nag-anunsiyo ang kapitan sa inyong barangay na maari nang magpalista sa inyong paaralan ng mga nais pumasok sa Kinder. May kapatid kang anim na taong gulang.
   A. Sasabihin sa magulang ang anunsiyo.
   B. Ipagpatuloy ang ginagawa na parang walang narinig.
   C. Hihikayatin ang magulang na ipalista na ang kapatid.
   D. Hindi papansinin ang sinabi total bata pa naman ang kapatid.

2. Nahinto sa pag-aaral ang iyong kuya. Natutunan mo sa paaralan na may programa sa edukasyon para sa mga nahinto ng pag-aaral.
   A. Alamin sa guro kung kanino magtatanong dahil alam mong interesado ang iyong kuya.
   B. Hindi na sasabihin sa kuya total namamasukan na siya sa karinderya.
   C. Hayaan na lamang ang iyong kuya dahil matanda na siya.
   D. Hindi na lamang papansinin dahil magastos ito.

3. Nangangailangan ng mga boluntaryo para sa pagpapakain sa mga bata sa inyong *day care center* sa araw ng Sabado.
   A. Hindi ako pupunta dahil mapapagod ako.
   B. Ipagpapatuloy ko na lamang ang paglalaro ko.
   C. Tutulong ako kung ano man ang kaya kong gawin.
   D. Hindi na ako pupunta dahil hindi rin siguro ako bibigyan ng gagawin.

4. Isang katutubo ang iyong kalaro. Sinasabi niya sa iyo ang tungkol sa kanilang mga paniniwala na natutunan niya sa kaniyang pag-aaral.
   A. Magkukunyari akong nakikinig.
   B. Sasabihin kong maglaro na lamang kami.
   C. Makikinig ako para may matutunan din ako.
   D. Sasabihin ko kung ano ang mga ayaw ko sa mga gawi nila.

5. Para makarating sa paaralan, naglalakad si Lolit at ang kaniyang dalawang kapitbahay nang isang oras. Kung ikaw si Lolit, gagawin mo rin ba ang kaniyang ginagawa?
   A. Tutulong na lamang ako sa mga gawain sa bahay.
   B. Gagawin ko dahil nais kong makapagtapos ng pag-aaral.
   C. Yayayain ko ang aking mga kaklase na lumiban sa klase.
   D. Maaaring tamarin akong pumasok dahil mahirap maglakad.

6. Dumating sa inyong paaralan ang inyong *district nurse* upang magbigay ng gamot para sa pagpupurga. Ipinagpaalam na ng inyong guro sa inyong magulang tungkol dito.
   A. Hindi ako iinom dahil ayoko sa lasa ng gamot.
   B. Iiyak ako para hindi mapilit na uminom ng gamot.
   C. Iinom ako para matanggal ang mga bulate sa aking katawan.
   D. Iinom ako para hindi magalit ang guro.

7. Dalawang buwan buntis ang iyong ate. Isang araw nakita mo siyang naninigarilyo sa likod ng inyong bahay.
   A. Pagsasabihan si Ate na tumigil sa paninigarilyo dahil nakasasama ito sa bata.
   B. Bayaan si Ate sa kanyang ginagawa tutal alam niya ang kung ano ang nakabubuti sa kanya.
   C. Isumbong si Ate sa inyong mga magulang.
   D. Hindi makialam sa ginagawa ni Ate.

8. Hindi alam ng iyong mga kapitbahay ang tungkol sa *Philippine Health Insurance o PhilHeath*. Ano ang gagawin mo?
   A. Ipagwalang bahala ang hindi nila pagkakaalam tungkol dito.
   B. Isuplong sa barangay ang mga pangalan ng mga kapitbahay.
   C. Magbigay ng impormasyon tungkol sa *PhilHealth*.
   D. Hindi makialam sa mga pangyayari sa komunidad.

9. Nakita mo ang mga kabataan sa inyong barangay na umiinom ng alak at gumagamit ng *rugby* bilang palipas oras.
   A. Umiwas sa kanila.
   B. Sumali sa kanilang ginagawa.
   C. Hindi makialam.
   D. Isuplong sila sa barangay.

10. Napag-alaman mong may libreng pabakuna sa inyong barangay. May kapatid kang limang taong gulang na wala pang bakuna.
    A. Sabihan sila Nanay at Tatay tungkol dito.
    B. Ipalista ang pangalan ng iyong kapatid kahit walang paalam nila Nanay at Tatay.
    C. Ipagwalang bahala ang nalalaman.
    D. Ipagpatuloy ang ginagawa na parang walang nangyari.

| Aralin 4 | **Ang Mga Programa ng Pamahalaan:**<br>• Pangkapayapaan<br>• Pang-ekonomiya |
| --- | --- |



## Tuklasin

Importante sa isang bansa ang pagtugon sa mga pangangailangan ng bawat mamamayan. Dito pumapasok ang iba't ibang programa ng pamahalaan upang matugunan ang sinasabing mga pangangailangan.

Mga pamprosesong tanong:

1. Anu-ano ang mga programa ng pamahalaan na tumutugon sa pangkapayapaan at pang-ekonomiya?
2. Matutukoy mo ba ang mga ahensyang may kaugnayan sa mga programang ito?
3. Makapagbibigay ka ba ng mga halimbawa sa bawat programa?
4. Mailalahad mo ba ang kahalagahan ng mga programang ito?



## Suriin

Ang kapayapaan ay nararanasan sa isang komunidad kung ang mga kasapi nito ay nagkakaunawan at nagkakaisa ng mithiin. May mga pagkakataong hindi nakakamit ang kapayapaan dahil sa di pagkakaunawaan lalo na sa mga lugar na nakararanas ng

kaguluhan. Gayon din, nakaaapekto ang kaguluhan sa kalagayang pang-ekonomiya ng isang komunidad.

Upang mapanatili ang kaayusan at kaligtasan ng mga mamamayan, may mga ahensiya ang pamahalaan na tumutugon sa pangangailangang ito. Nagpapatupad din ito ng mga programang pangkapayapaan upang maiangat ang kalagayang pang-ekonomiya ng mga kasapi ng komunidad.

Ang Sandatahang Lakas ng Pilipinas (*Armed Forces of the Philippines o AFP*) ang pangunahing lakas na tagapagtanggol ng bansa. Tungkulin naman ng Kagawaran ng Tanggulang Pambansa (*Department of National Defense* o *DND*) ang pangalagaan ang katahimikan sa loob at labas ng buong bansa at tiyakin ang seguridad nito laban sa mga panganib. Tumutulong ang mga Lokal na Pamahalaan (*Local Government Units o LGU*) sa pagpapanatili ng kaayusan ng kani-kanilang nasasakupan sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga ordinansa na naglalayon ng kapayapaan sa lugar na nasasakupan. Ang Pambansang Pulisya ng Pilipinas (*Philippine National Police o PNP*) ay ang lakas ng hanay ng kapulisan ng bansa. Sila ang kaakibat ng mga local ng pamahalaan sa pagsugpo sa mga krimen at paghuli sa mga taong lumalabag sa batas.

Ang ekonomiya ay sitwasyong pangkabuhayan ng isang bansa. Sa pamamagitan nito, nalalaman kung ang isang bansa ay maunlad, papaunlad, o mahirap.

Ang pagpapabuti sa ekonomiya ng bansa ay binibigyan ng prayoridad ng ating pamahalaan. Maliban sa pagpapaunlad sa panloob na ekonomiya, nakikipag-ugnayan ito sa ibang bansa bilang karagdagang seguridad na pang-ekonomiya. Ginagawa ito sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga programa upang makaakit ng mamumuhunan, malinang ang panluwas na pamilihan, mapaunlad ang turismo, makalikom ng mga impormasyon, at mapadali ang pagtanggap ng tulong mula sa ibang bansa.

Ang pamahalaan ay mayroon ding mga patakaran pang-ekonomiya na nagsisilbing gabay sa pagtataguyod ng mga

programang pangkaunlaran ng bansa. Kasama rito ang pangangalaga sa mga manggagawa; pangangalaga sa mga kalakal at industriyang local; pagpapaunlad ng agrikultura, kagubatan, yamang tubig at yamang mineral; paghikayat ng mga pribadong negosyo; pangangasiwa ng monopoly; at pagpapaunlad ng lingkurang-bayan.

Ang pangangalaga sa mga Pilipinong manggagawa at mangangalakal ay binibigyang-pansin laban sa mga di kanais-nais na gawaing pangkalakalan. Hinihikayat ang pagbubuo ng produkto na may kahusayan at kalidad upang mapantayan ang mga produktong mula sa ibang bansa. Hinihikayat din ang taong bayan na tangkilikin ang sariling mga produkto bilang inspirasyon at suporta sa mangangalakal na Pilipino.

May mga patakaran ang pamahalaan para sa pangangalaga sa mga local na industriya at kalakal. Isa na rito ang pagkontrol sa paglalabas at pag-aangkat ng mga produkto.

Naging malaking tulong sa mga magsasaka ang pagtitibay ng Batas Republika Bilang 6657 o ang *Comprehensive Agrarian Reform Program* (CARP) sa panahon ng panunungkulan ng dating Pangulong Corazon C. Aquino. Layunin ng programang ito na mabigyan ang mga magsasaka ng sarili nilang lupang sasakahin at sisinupin. Sa pamamagitan ng mga suporta at programang ito ng pamahalaan, inaasahang uunlad di lamang ang kabuhayan ng mga magsasaka kundi pati na rin ng bansa.

Dalawang mahalagang tugon ang binuo ng pamahalaan para sa pangangalaga ng kagubatan. Ang una ay ang *reforestation* o ang muling pagtatanim sa mga lugar na pinutulan ng mga puno. Ang ikalawa ay ang pagbabawal sa mga pagtotrosong panluwas. Ang pagpapatupad ng *Selective Logging* o *Total Log Ban* ay naging isyu sa bansa na sa kalaunan ay pinagkasunduan din bilang tugon sa lumalaganap na suliranin sa kagubatan.

Nais ng pamahalaan na matugunan sa pamamagitan ng yamang tubig ang ilan sa mga pangunahing pangangailangan ng tao lalo na ng mga mangingisdang nakikinabang dito. Bilang tugon, nagkakaloob ang pamahalaan ng mga programa gaya ng

pagsasanay para sa wastong pangangalaga at pagpapalaki ng mga *fingerling* at pagpapautang ng puhunan para sa kaugnay na mga negosyo.

Ang kabundukan ng Pilipinas ay sagana sa iba-ibang uri ng mineral. Bagama't nabibigyan ng pagkakataon ang ilang Pilipino na magmina sa makalumang paraan, binigyan ng pamahalaan ng permiso ang ilang korporasyong pag-aari ng dayuhan na mamuhunan sa paglinang ng mga mineral sa bansa.

Ang pagkakaroon ng monopolyo ay iniiwasan ng pamahalaan dahil naghahatid ito ng hindi makatarungang kompetisyon. Ang monopolyo ay ang pagkontrol at pagtustos ng iisang kompanya ng isang uri ng produkto.

Ang lingkurang-bayan ay mga pampublikong pasilidad na bukas sa sinumang mamamayan ng bansa na may kaalaman at kakayahang magpatakbo ng negosyo.



# Pagyamanin

**Gawain 1. Panuto:** Magbigay ng halimbawa ng mga programang pangkapayapaan na ipinatutupad ng sumusunod na mga ahensiya at programa. Isulat ang sagot sa tsart. Gamiting gabay ang rubriks sa baba ng Gawain 2 sa pagsagot upang makuha mo ang mataas na puntos.

| Ahensiya/Programa | Programang Pangkapayapaan |
|---|---|
| 1. Lokal na Pamahalaan | |
| 2. Sandatahang Lakas ng Pilipinas | |
| 3. Pambasang Pulisya ng Pilipinas | |
| 4. Payapa at Masaganang Pamayanan | |
| 5. Kagawaran ng Tanggulang Pambansa | |

**Gawain 2. Panuto:** Ibigay ang detalyeng hinihingi sa tsart. Sundin ang halimbawa.

| **Program o Proyekto** | **Bahaging Ginagampanan ng Pamahalaan** | **Mga Pakinabang** |
|---|---|---|
| Pangangasiwa sa Monopolyo | Mahigpit ang pagbabantay ng pamahalaan sa ganitong uri ng negosyo sapagkat kinokontrol ng iisang kompanya lamang ang pangangasiwa sa isang uri ng produkto | Nabubuksan ang negosyo para sa lahat. |
| Pangangalaga sa mga Manggagawa | | |
| Pangangalaga sa mga Lokal na Industriya at Kalakal | | |
| Pagpapaunlad ng Agrikultura | | |
| Pagpapaunlad ng Kagubatan | | |
| Pagpapaunlad ng Yamang Tubig | | |
| Pagpapaunlad ng Yamang Mineral | | |
| Paghikayat ng mga Pribadong Negosyo | | |
| Pagpapaunlad ng Lingkurang- Bayan | | |

**RUBRIK SA PAGSAGOT**

| Pamantayan | Deskripsyon |
|---|---|
| **Napakahusay (3)** | Tumpak at napakalinaw ng sagot sa tanong na ibinigay. |
| **Katamtaman (2)** | May kalinawan ang sagot, ngunit may ilang punto na nalilihis sa tanong na ibinigay. |
| **Di-gaanong Maayos (1)** | Lumihis ang kasagutan sa tanong na ibinigay. |

# Isaisip



**Panuto:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Gamiting gabay ang rubriks sa pagsagot upang makuha mo ang mataas na puntos.

1. Ano ang kaugnayan ng ekonomiya sa pag-unlad ng isang bansa?

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

2. Ito ay ang programa ng pamahalaan na naglalayong mapanatili ang kaayusan at kaligtasan ng mga mamamayan.

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

3. Magbigay ng dalawang patakarang pang-ekonomiya na nagsisilbing gabay sa pagtataguyod ng mga programang pangkaunlaran ng bansa.

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

4. Anong suliranin sa yamang tubig ang dapat bigyang-pansin ng bansa? Bakit?

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

5. Sa palagay mo, nakatulong ba ang Comprehensive Agrarian Reform Law sa mahihirap na magsasaka? Paano?

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________



# Tayahin

**Gawain 1. Panuto:** Lagyan ng tsek (√) kung nakatutulong sa pagpapanatili ng kapayapaan at ekis (x) kung hindi.

_____ 1. Kaguluhan sa Timog Mindanao.
_____ 2. Pakikipagsabwatan sa mga magnanakaw.
_____ 3. Banggaan ng motorsiklo at kotse sa kalsada.
_____ 4. Paglalagay ng mga ilaw-trapiko sa malalaking kalye.
_____ 5. Pagpapatupad ng mga polisiya hinggil sa kapayapaan.
_____ 6. Negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng pamahalaan, mga makakaliwa, at Bangsamoro Islamic Freedom Fighters.
_____ 7. Pagpapaunlad ng kabuhayan ng mga kababaihan sa pamamagitan ng pananahi at pagtitinda.
_____ 8. Kaguluhan sa pagitan ng mga hukbong pandagat at banyagang mangingisda sa loob ng dagat Pilipinas.
_____ 9. Pagbomba ng isang simbahan ng mga katoliko sa Jolo, Sulu.
_____ 10. Pakikipagnegosasyon ng bansang Pilipinas at ng ibang bansa tungkol sa kapayapaan.

**Gawain 2. Panuto:** Isulat sa guhit ang mga salitang tinutukoy sa bawat bilang.

____________________ 1. Batas na naglalayong mabigyan ng pagkakataon ang mga magsasaka na magkaroon ng sariling lupang sakahan.
____________________ 2. Muling pagtatanim ng mga puno sa nakakalbong kagubatan.

____________________ 3. Iisang kompanya lamang ang may control sa pagtustos ng isang uri ng produkto.

____________________ 4. Mga pasilidad sa transportasyon at komunikasyon gaya ng telepono at barko.

____________________ 5. Pangkat ng tao na binigyan ng pamahalaan ng permiso na magkaroon at mamahala ng negosyo.



# Karagdagang Gawain

**Panuto:** Basahin ang mga sitwasyon at piliin ang natatangi mong gawin. Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Nakita mong pilit hinahablot ng isa mong kaklase ang bag ng isang mag-aaral habang naglalakad palabras ng silid-aralan.
   A. Panoorin ang dalawa at hintayin kung ani ang mangyayari.
   B. Tatawagin ang guro o guwardiya at sasabihin ang nangyayari.
   C. Hintaying mapikon ang isa at panoorin sila habang nag-aaway.
   D. Sasabihan ang nanghahablot ng bag kahit Malaki ito sa iyo.

2. Nag-anyaya ang inyong punong barangay sa mga nais lumahok sa seminar sa paggawa ng tosino na maaaring pagkakitaan.
   A. Sasabihin ito sa nakatatandang kapatid na walang pinagkakaabalahan.
   B. Mahal ang karne kaya huwag na lamang pumunta sa seminar.
   C. Hindi ito makabuluhan kaya huwag na lamang pansinin.
   D. Magsasawalang-kibo dahil hindi ito kayang gawin.

3. May banggaan ng limang sunod-sunod na sasakyan sa kalsada.
   A. Alamin muna kung may grabeng nasaktan.
   B. Sisihin at ipagdiinan na kasalanan ito ng naunang sasakyan.
   C. Isa man sa mga nabangga ay tumawag ng *traffic enforcer* o pulis.
   D. Pagtulungang sigawan ang mga nabangga dahil nagging sanhi ng pagsikip ng trapiko.

4. Napanood mo sa telebisyon ang tungkol sa pag-aangkin ng China sa kalupaan at karagatang pag-aari ng Pilipinas.
   A. Ipabahala sa China ang dapat gawin ng dalawang bansa.
   B. Panatilihin ang payapang pakikipag-ayos at pakikipag-usap.
   C. Labanan ang China kung anuman ang nais nitong gawin o mangyari.
   D. Bantayan lagi ang mga karagatan at kalupaang inaangkin ng China.

5. May banta ng puwersahang pag-aalis ng pinuno ng local na pamahalaan.
   A. Maging handa ang kapulisan sa anumang maaaring mangyari.
   B. Ipagbigay-alam ng lokal na pamahalaan sa pambansang pulisya.
   C. Hayaan ang mga tao sa nais nilang gawin dahil sila ang maaapektuhan nito.
   D. Magbigay ng babala ang lokal na pamahalaan sa napag-alamang maaaring mangyari.

6. Alam mong walang prangkisa ang motor na pinagmamaneho ng iyong Tatay. Ano ang gagawin mo?
   A. Isuplong sa mga awtoridad ang ginagawa ni Tatay.
   B. Imungkahi kay Tatay ang importansya ng pagkakaroon ng prangkisa.
   C. Pabayaan si Tatay sa kanyang ginagawa.
   D. Imungkahi kay Tatay na itigil ang pagmamaneho.

7. Mahilig ang iyong kaibigan na bumili ng mga *imported* na gamit.
   A. Hikayatin ang kaibigan na tangkilikin ang produkto ng mga lokal na manggagawa.
   B. Gayahin ang kaibigan sa kanyang ginagawa.
   C. Bayaan ang kaibigan sa ginagawa tutal kangyang pera naman ang ginagastos.
   D. Himukin ang kaibigan na ipagpatuloy ang iyang ginagawa dahil mas pulido ang gamit na *imported*.

8. Maraming mangingisda sa inyong komunidad ang gumagamit ng dinamita upang makakuha ng mga isda.

A. Isumbong sa lokal na pamahalaan ang ginagawa ng mga mangingisda.
B. Pabayaan sila dahil ito ang ikinabubuhay nila.
C. Gumaya sa kanilang estilo sa pangingisda.
D. Mag-*post* sa social media ang gawain ng mga mangingisda.

9. May ginaganap na pagtitipon ng mga magsasaka sa inyong barangay ukol sa paggamit ng mga *organic fertilizer*. Ang iyong Tatay na isa ring magsasaka ay hindi sumali.
   A. Ipagwalang-bahala ang kaalaman tungkol sa pagtitipon.
   B. Himukin si Tatay na sumali sa pagtitipon.
   C. Pabayaan si Tatay sa kanyang gusting gawin.
   D. Isumbong si Tatay sa mga opisyales ng barangay.

10. May nagaganap na *strike* ng mga manggagawa sa isang pabrika sa inyong bayan. Ano ang iyong gagawin?
   A. Sumali sa nagaganap na *strike*.
   B. Magtanong ukol sa nagaganap na *strike*.
   C. Bayaan ang mga manggagawa na nag-*strike*.
   D. Manood sa gilid ng kalsada sa nagaganap na *strike*.

# Susi sa Pagwawasto

**KARAGDAGANG GAWAIN**

1. B
2. A
3. A
4. B
5. B
6. B
7. A
8. A
9. B
10. B

**TAYAHIN**

Gawain 1:

1. x
2. x
3. x
4. √
5. √
6. √
7. √
8. x
9. x
10. √

Gawain 2:

1. CARP
2. Reforestation
3. Monopolyo
4. Pampublikong Pasilidad
5. Negosyante

**BALIKAN**

1. C
2. A
3. C
4. C
5. B
6. C
7. A
8. C
9. D
10. A

# Sanggunian

**BOOKS:**

Araling Panlipunan 4 Kagamitan ng Mag-aaral pahina 284 – 297 Ma. Corazon V. Adriano, et. al. 2015

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.